Gamot kontra Epilepsy

Epilepsy

Ang Epilepsy, kilala din bilang seizure disorder, ay isang sakit na sanhi ng abnormal na aktibidad ng mga cells ng utak. Sa pagsisimula, mayroong panginginig ng kalamnan sa buong katawan at panandaliang pagkawala ng malay. Ang pasyente na dumadanas ng iregular nap ag-atake, na may paulit ulit at may panandaliang pattern sa karamihan ng mga kaso. Ang sakit ay may maraming sanhi, kasama na ang namamana at pinsala sa utak.

Ang gamot kontra epilepsy ay gamot upang makontrol ang pag-atake. Ang regular na pag-inom ng gamut ay maaaring makapigil sa epileptic seizures upang ang pasyente ay magkaroon ng normal na pamumuhay. Ang iba't Ibang uri ng epilepsy ay nangangailangan ng iba't ibang gamot kontra epilepsy. Ang doktor ay magbibigay ng naayong gamot batay sa kondisyon ng pasyente. Ang ibang pasyente ay maaaring mangailangan ng maraming uri ng gamot.

Gamot na Karaniwang Ginagamit

1. Phenobarbital (kasingkahulugan: phenobarbitone): epektibong nakokontrol nito ang iba't ibang uri ng epilepsy sa pamamagitan ng pagpipigil sa central nervous system at makagawa ng epektong pampakalma.
2. Phenytoin: Mayroon itong kaunting epekto ng pampakalma at kadalasang ginagamit na may phenobarbital upang lunasan ang iba't ibang uri ng epilepsy. Maaari rin itong gamitin upang maiwasan ang seizures na sanhi ng pag opera sa utak o pinsala sa ulo.
3. Valproic acid: Mabilis itong hinihigop ng bituka at gumagana sa ibat ibang uri ng epilepsy.

Payo sa Paggamot

1. Ang pasyente ay kinakailangang uminom ng niresetang gamot sa eksaktong agwat sa pangmatagalang batayan upang mapanatili ang pagkontrol at mabawasan ang

pagbalik sa dati. Ang hindi epektibong pagkontrol ay isang tanda upang kumuha ng medikal na atensyon at ang doktor ay maaaring ayusin ang dosis batay sa kondisyon ng pasyente. Huwag palitan ang dosis. Siguruhin na ang mga imbak ng inyong gamot ay sapat upang tumagal hanggang sa susunod na medikal na appointment.

2. Kung nakaligtaan ang dosis, inumin ito kaagad hangga't maaari maliban kung oras na para sa susunod na nakatalagang dosis. Sa gayong kaso, ipagpaliban na ang nakaligtaang dosis at inumin ang sumunod na dosis ayon sa direksyon. Huwag uminom ng dobleng dosis.
3. Ang ibang pasyente ay maaaring dumanas ng pananakit ng tiyan pagkatapos uminom ng gamot. Ang mga ganoong reaksyon ay maaaring maiwasan sa pamamagitan ng pag inom ng gamot pagkatapos kumain.

Mga Pagbagay sa Buhay

Ang mga pasyenteng may maayos na pagkontrol sa kanyang kondisyon sa pamamagitan ng paggagamot ay talagang walang pinagkaiba sa mga ordinaryong tao. Ang epilepsy ay hindi nakakahawa at ang pasyente nagdudusa mula sa sakit na ito ay maaaring mabuhay ng normal katulad ng iba pa.

Ang Pasyente ay dapat na bigyan ng espesyal na atensyon ang mga sumusunod sa kanilang pang araw-araw na buhay:

1. Hindi kailangan ng pasyente ang paghihigpit ng diyeta o karagdagang bitamina subalit kailangan nilang umiwas sa pag inom ng alcohol habang naggagamot.
2. Ang ibang trabaho at mga aktibidad sa palakasan ay maaaring magdulot ng peligro sa pasyente kung saan ang kondisyon ay hindi maayos na nakokontrol. Inirerekomenda muna ang konsultasyon mula sa doktor bago ang lahat.
3. Ang mga pasyenteng nagdurusa sa epilepsy ay pinagbabawalang magkaroon ng lisensya sa pagmamaneho sa HongKong.
4. Ang ibang gamot kontra epilepsy ay maaaring makagambala sa ibang gamot at magdulot ng masamang epekto. Kumonsulta sa inyong doktor bago uminom ng ibang gamot.
5. Ang mga babaeng nagdurusa sa epilepsy ay dapat kumonsulta sa kanilang doktor kung nais magbuntis. Ang ibang gamot kontra epilepsy (hal. Valproic acid), kapag ininom habang nagbubuntis, ay maaaring magdulot ng hindi tamang pagkabuo ng sanggol sa sinapupunan.

6. Ang mga pasyente ay kinakailangang magdala ng kanilang talaan ng gamot at pagkakakilanlan upang maging sanggunian ng mga dalubhasa sa kalusugan para sa paunang paglunas sa kaso ng emergency.
7. Sa kaso ng seizure, napaka importante na mapanatili ng pasyente ang maayos na daanan ng hangin. Ang miyembro ng pamilya ay hindi dapat piliting buksan ang bibig ng pasyente kung hindi kinakailangan.

Pag-iimbak ng Gamot

Ang gamot ay kinakailangang nakatago sa tuyo at malamig na lugar. Hindi ito kinakailangang naka refrigerator maliban kung naka saad sa label. Ang iniinom na gamot ay kinakailangang nakatago ng maayos upang maiwasan ang aksidente ng pagkakamaling pag inom ng mga bata.

Tanggapan ng Droga
Kagawaran ng Kalusugan
Enero 2021